

Group A Streptococcal na Sakit

Ano ang group A streptococcal (group A strep) na sakit?

Ang group A *Streptococcus* (group A strep) ay isang uri ng bakterya (mikrobyo) na matatagpuan sa ilong at lalamunan at sa balat. Maaaring naroroon ang bakterya at hindi nagdudulot ng anumang sakit, o maaari nilang hawahan ang iba't ibang bahagi ng katawan at magdulot ng sakit na maaaring mula sa banayad hanggang sa malala. Ang mga pinakakaraniwang impeksiyon na dulot ng group A strep ay ang strep throat at mga impeksiyon sa balat, tulad ng mamaso o impetigo. Maaaring magdulot ng malalang sakit kapag sinalakay ng bakterya ang mga panloob na bahagi ng katawan, tulad ng daluyan ng dugo, na tinatawag na invasive group A strep na sakit. Sa Virginia, mga 200 kaso ng invasive group A strep na sakit ang iniuulat taon-taon.

Sino ang nagkakaroon ng group A strep na sakit?

Kahit sino ay puwedeng magkaroon ng group A strep na impeksiyon. Karaniwan ang strep throat ay partikular sa mga bata. Ang ilang tao na nakapitan ng bakterya ay nagkakaroon ng invasive group A strep na sakit. Kahit na nagkakaroon ng invasive group A strep na sakit ang malulusog na tao, ang mga taong may nagtatagal (chronic) na sakit tulad ng cancer, diabetes, at nagtatagal na sakit sa puso o baga, at yaong mga gumagamit ng mga gamot tulad ng mga steroid ay may mas mataas na panganib. Ang mga taong may mga sugat sa balat (tulad ng hiwa, bulutong, at mga sugat dahil sa operasyon), mga tao na edad 65 o mas matanda, at mga adultong may kasaysayan ng pag-abuso sa alak o itinuturok na droga ay may mas mataas din na panganib ng invasive group A strep na sakit.

Paano kumakalat ang group A strep bacteria?

Kumakalat ang group A strep bacteria sa pamamagitan ng direktang paglapat ng mga likido ng katawan, tulad ng nanggaling sa ilong o lalamunan o pagtagas ng sugat mula sa isang nahawahang tao. Bhirang gumanap ng papel sa pagkalat ng bakterya ang mga kaswal na kontak (sa trabaho at sa paaralan) at mga gamit sa bahay (gaya ng laruan). Pinakamatindi ang panganib ng pagkalat ng group A strep kapag maysakit ang isang indibidwal; ang mga taong nagdadala ng bakterya pero walang mga sintomas ay hindi gaanong nakakahawa. Ginagamit ang mga antibiotic para gamutin ang group A strep na impeksiyon, at bawasan ang panganib ng pagkalat ng impeksiyon sa iba.

Ano ang mga sintomas ng group A strep na sakit?

Ang group A strep ay maaaring hindi magdulot ng pagkakasakit, magdulot ng banayad na sakit (strep throat o impeksiyon sa balat tulad ng impetigo) o ng malalang sakit

(necrotizing fasciitis o streptococcal toxic shock syndrome). Ang necrotizing fasciitis (karaniwang inilalarawan bilang "bakteryang nangangain ng laman") ay naninira sa mga kalamnan, taba, at tisyu ng balat. Ang Streptococcal toxic shock syndrome (STSS) ay nagdudulot ng mabilis na pagbaba ng presyon ng dugo at hindi paggana ng mga organ (hal., kidney, atay, bago). Ang STSS ay hindi kapareho ng "toxic shock syndrome" na iniuugnay kung minsan sa paggamit ng tampon.

Gaano katagal bago lumabas ang mga sintomas ng group A strep na sakit matapos ang pagkakalantad dito?

Karaniwang lumalabas ang mga sintomas nang 1–3 araw matapos ang pagkakalantad sa bakteryang.

Paano dina-diagnose ang group A strep na impeksiyon?

Dina-diagnose ang group A strep na impeksiyon sa pamamagitan ng mga pagsusuri sa laboratoryo na kumukumpirma kung ang bakteryang ay presente sa mga specimen na nakuha sa naimpeksiyong bahagi (hal., lalamunan, sugat, dugo). Mayroon ding mga mabilisang pagsusuri para matukoy ang strep throat.

Paano ginagamot ang group A strep na impeksiyon o ang invasive na sakit?

Maaaring gamutin ng mga antibiotic ang group A strep na impeksiyon. Karagadagan pa, karaniwang kinakailangan ang paggamot sa isang intensive care unit at minsan ay ang pag-oopera para sa invasive na sakit. Ang maagang paggamot ay makakabawas sa panganib ng kamatayan, pero hindi laging posible na maiwasan ang kamatayan sa bawat kaso.

Dapat bang suriin at gamutin ang mga nagkaroon ng kontak sa mga indibidwal na may invasive group A strep na sakit?

Walang ebidensiya na ang mga kaswal na kontak, tulad ng katrabaho o mga kaklase sa paaralan o daycare, ay nasa panganib na magkaroon ng invasive group A strep na sakit kasunod ng pakikipag-ugnayan sa isang taong may invasive group A strep na sakit. Bibihirang magkaroon ng malalang sakit dahil sa kontak sa kasama sa bahay. Sinusuri ng mga lokal na departamento ng kalusugan ang mga sambahayan kapag naiulat ang invasive group A strep na sakit; maaaring irekomenda ang mga antibiotic para sa mga indibidwal sa sambahayan na may kondisyon na magsasapanganib sa kanila sa malalang group A strep na sakit. Dapat na magpatingin sa doktor ang mga taong nagkaroon ng kontak sa isa na may group A strep na sakit kung nagkaroon sila ng mga katulad na sintomas ng sakit.

Paano maiiwasan ang group A strep na impeksiyon?

Mababawasan ang pagkalat ng group A strep sa pamamagitan ng mahusay na paghuhugas ng kamay, lalo na pagkatapos umubo o bumahing, bago at pagkatapos mag-alaga ng maysakit, at bago maghanda ng pagkain at bago kumain. Ang mga taong may non-invasive group A strep na impeksiyon (tulad ng strep throat) ay dapat manatili sa bahay sa halip na pumasok sa trabaho, paaralan, o daycare hanggang sa makainom sila ng mga antibiotic nang hindi bababa sa 12 oras AT hindi na nilalagnat nang hindi nagamit ng gamot na pampababa ng lagnat (tulad ng acetaminophen o ibuprofen). Para sa mga may sugat, dapat na panatilihing malinis ang sugat at bantayan ang mga senyales ng impeksiyon (hal., pamumula, pamamaga, kirot, nana). Kung mukhang naimpeksiyon ang sugat, lalo na sa isang tao na mayroon ding lagnat, kumonsulta agad sa isang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.

Paano ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa group A strep na sakit?

- Kung may mga alalahanin ka tungkol sa group A strep na sakit, makipag-ugnayan sa iyong tagapangalaga ng kalusugan.
- Tawagan ang iyong lokal na departamento ng kalusugan. Matatagpuan ang isang direktoryo ng mga lokal na departamento ng kalusugan sa <http://www.vdh.virginia.gov/local-health-districts/>.
- Bisitahin ang website ng Centers for Disease Control and Prevention sa <https://www.cdc.gov/groupastrep/index.html>.